

Paunawa ng Pagkolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon sa ilalim ng s.34 ng

Freedom of Information and Protection of Privacy Act (FOIP Act)

Ang Red Deer Public Schools (ang Distrito) ay nangongolekta ng personal na impormasyon na direktang nauugnay at kinakailangan para sa iba't ibang programa at aktibidad ng Distrito; at upang matupad ang mandato nito na bigyan ang mga mag aaral ng programang pang edukasyon alinsunod sa mga obligasyon nito sa ilalim ng *School Act* at mga regulasyon nito.

Bilang karagdagan sa personal na impormasyon na ibinigay sa mga form ng pagpaparehistro, ang Distrito ay maaaring kumuha ng mga recording ng mga mag-aaral o gawain ng mag-aaral sa paaralan o mga aktibidad na may kaugnayan sa paaralan na bumubuo ng bahagi ng programang pang edukasyon ng Distrito. Kabilang sa mga naturang recording ang digital, mga larawan, pelikula, *video*, *audio* at mga *emerging technologies*.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga paraan kung saan maaaring gamitin ng Distrito ang personal na mga impormasyon:

- Magtatag ng talaan ng mga mag-aaral at tukuyin ang *residency*
- Matukoy ang paglalagay ng programa, matukoy *eligibility*/ o ang *suitability* para sa panlalawigan o pederal na pagpopondo
- Magbigay ng impormasyon sa Ministro ng Edukasyon para sa pananaliksik at pagsusuri sa estatistika
- Pagtampok sa isang mag-aaral sa kalendaryo ng paaralan, *newsletter*, *yearbook*, o iba pang publikasyon sa paaralan
- Pagkilala sa mga mag-aaral at ang kanilang malikhaing akda sa pamamagitan ng pagpapakita o pagganap sa paaralan
- Pagkilala sa mga mag-aaral sa mga *class lists*, mga *honour rolls*, at mga seremonya ng pagtatapos
- Tukuyin ang pagiging karapat dapat o angkop ng mag aaral para sa mga parangal o scholarship, sakaling ang Distrito ang mag *apply* sa ngalan ng mag-aaral
- Makipag ugnayan sa mga estudyante o sa kanilang mga magulang o mga emergency contact
- I-verify ang mga pagliban
- Magbigay ng mga serbisyong pang transportasyon
- Magbigay ng mga *identification cards*
- Mag alok ng tulong sa mga mag aaral na nasa medikal at / o *emergency* na sitwasyon
- Magbigay ng *video surveillance* sa mga lugar ng paaralan, ayon sa pamamahala ng patakarang ng Red Deer Public School District 6.02.09
- Magbigay ng *District authorized satisfaction surveys*
- Kumuha ng mga larawan ng indibidwal, klase, koponan o *club* para sa mga layunin ng paaralan
- Kumuha ng mga *recording* ng mga mag aaral na nakikibahagi sa silid aralan o iba pang mga aktibidad sa paaralan
- Payagan ang media o iba pang mga organisasyon sa mga paaralan, sa ilalim ng pangangasiwa ng mga tauhan ng paaralan, sa mga silid aralan ng pelikula at mga mag aaral, kung saan ang mga mag aaral ay hindi nainterbyu o nakilala sa pangalan o mukha.

Ang mga pangyayaring bukas sa pangkalahatang publiko ay itinuturing na mga pampublikong kaganapan, at hindi makokontrol o mapipigilan ng Distrito ang karagdagang pamamahagi o paggamit ng mga larawan, *video*, imahe o iba pang personal na impormasyon na nakuha ng mga dumalo.

Ang abiso na ito ay ibinigay sa iyo para sa impormasyon lamang at hindi isang listahan na kasama sa lahat. Ang mga aktibidad na ito ay nag aambag sa isang maayos na paaralan, at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga aktibidad na ito ay itinuturing bilang isang mahalagang bahagi ng kanilang edukasyon. Ang

4747 53 Strret RedDeer

AB T4N2E6

Telepono:(403)343-

nakasulat na pahintulot para sa iyong anak na lumahok sa mga aktibidad na ito ay hindi hinihiling. Gayunpaman, kung mayroong mga alalahanin tungkol sa pagkolekta o paggamit ng naturang impormasyon, mangyaring makipag ugnay sa punong guro ng paaralan ng iyong anak.

Ang mga tanong o komento hinggil sa paraan ng pagkolekta at paggamit ng impormasyon ng Red Deer Public School District ay maaaring iparating sa **FOIP Coordinator** sa,

Red Deer Public School District No. 104
4747 - 53 St., Red Deer, AB, T4N 2E6 (403-343-1405)

Pahintulot na Gamitin at Ibunyag ang Personal na Impormasyon

Pangalan ng Estudyante _____

Apelyido

Pangalan

Grade/Class

Alinsunod sa *FOIP Act* at *Copyright Act*, ang Distrito ay humihingi ng pahintulot para sa iba't ibang layunin, tulad ng nakabalangkas sa ibaba. Ang pahintulot ay boluntaryo at maaaring bawiin anumang oras sa pamamagitan ng pagpapaalam sa Punong Guro sa pamamagitan ng pagsulat. Bibigyan ka ng pagkakataon na *i-verify* ang iyong pahintulot taun taon. Kung hindi mo maibalik ang *form* na ito ay nagpapahiwatig ng pagtangga sa pahintulot. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mga bagay na ito, mangyaring makipag ugnay sa Principal ng paaralan ng iyong anak.

A. Pagpapakita sa mga Website

Sa ilang okasyon, ang Distrito ay nagpo *post* ng personal na impormasyon ng mag-aaral kabilang ang buong pangalan, mga larawan, mga *recording* at / o mga panayam sa mga *website* ng distrito at paaralan. Ang iyong pahintulot ay hinihiling na gamitin ang personal na impormasyon ng iyong anak para sa layuning ito. Mangyaring tandaan na sa konteksto ng ordinaryong paggamit ng *internet*, ang personal na impormasyon ng mag-aaral ay maaaring kopyahin, baguhin o ilipat ng sinumang bumibisita sa mga website na ito; at kung ang iyong pahintulot ay bawiin, aalisin ng Distrito ang imahe at / o personal na impormasyon mula sa *website* nito gayunpaman maaari itong magamit sa *internet* nang walang hanggan.

Sumasang ayon ako sa nabanggit na paggamit ng personal na impormasyon: OO HINDI

B. Pagpapakita sa Media

Sa ilang okasyon ang Distrito ay nagpapahintulot sa *media* at sa ibang organisasyon na kunan ng larawan, *i-record* at / o interbyuhin ang mga mag-aaral habang nasa ilalim ng pangangasiwa nito. Nangangahulugan ito na ang isang litrato, *digital recording*, o pakikipanayam sa isang mag-aaral na may pagkakakilanlan sa pamamagitan ng buong pangalan at grado ay maaaring kolektahin, gamitin, *i-reproduced* at *i-broadcast* ng media o sa labas ng mga organisasyon. Ang iyong pahintulot ay hinihiling na gamitin ang personal na impormasyon ng iyong anak para sa layuning ito.

Sumasang ayon ako sa nabanggit na paggamit ng personal na impormasyon: OO HINDI

C. Pagpapakita ng Malikhaing Gawain

Sa ilang okasyon ang Distrito ay nagpapakita ng malikhaing gawain ng mga mag-aaral na ginawa sa pamamagitan ng mga aktibidad sa paaralan (hal. sining, sayaw, drama, komposisyon, gawaing kahoy o metal, robotics, eksperimentong pang agham). Nangangahulugan ito na ang isang larawan, *digital recording*, o aktwal na presentation ng item na may pagkakakilanlan ng mag-aaral sa buong pangalan at grado ay maaaring kolektahin, gamitin at ipakita sa mga panlabas na exhibit sa mga *site* ng komunidad, kumpetisyon, at muling *i-reproduce* sa Distrito ang mga lathalaing pang promosyon na ipinamamahagi sa labas ng Distrito, **kabilang ang mga website**. Ang iyong pahintulot ay hinihiling na gamitin ang personal na impormasyon ng iyong anak para sa layuning ito. Bukod pa rito, sa ilalim ng *Copyright Act*, hinihiling ang iyong pagsangayon na magbigay ng pahintulot sa Distrito na itala ang iyong anak, ipakita at/o *i-reproduce* ang kanyang malikhaing gawa.

Sumasang ayon ako sa paggamit ng personal na impormasyon sa itaas, at nagbibigay ako ng pahintulot na ipakita ang kanyang malikhaing gawain:

OO

HINDI

4747 53 Strret RedDeer
AB T4N2E6
Telepono:(403)343-

Lagda ng Magulang

PRINT NAME

Petsa

O, LAGDA NG MAG-AARAL, KUNG sya ay 18 gulang O INDEPENDENT

Red Deer Public School District No. 104. pahintulot na gamitin at ibunyag ang personal na impormasyon.Revised.12.Okt.02